**Mini-Society Game**

**Maiksing deskripsyon:**

Ang gawaing ito ay binubuo ng tatlong bahagi. Ito ay maaaring gawin sa loob ng silid-aralan. Ang una ay binubuo ng isang pamayanan na may sariling pangangailangan at kagustuhan. Ang sunod na bahagi ay binubuo ng dalawang pamayanan kung saan ang bawat pamayanan ay may kakapusan sa isa o dalawang uri ng likas na yaman, produkto, at serbisyo, na kakailanganin nilang makipagkalakalan upang masagot ang mga pangangailangang ito. Ang huling bahagi ay binubuo ng tatlo o higit pang pamayanan na siyang magkakaroon ng kani-kaniyang likas na yaman at produkto o serbisyo na maaaring maprodyus sa lupain nito at mga pangangailangan na may kakapusan o hindi kayang iprodyus sa mga lupain nito. Dahil dito ay kailangang makapag-isip ang bawat pamayanan ng sariling sistema nito ng alokasyon base sa likas na yaman nito, mga serbisyo at produkto na maaaring maprodyus, at maaaring bilihin sa ibang pamayanan.

**Mga Layunin:**

- Upang maunawaan ang kahalagahan ng alokasyon sa isang pamayanan
- Upang maunawaan ang pangunahing sistema ng kalakalan sa pagitan ng iba't ibang pamayanan upang matugunan ang mga pangangailangang may kakapusan

**Part 1: Isang Pamayanan**

**Mechanics:**

- Bumuo ng isang maliit ng grupo ng mga mag-aaral na siyang bubuo sa pamahalaan. Maaaring buuin ito ng 1 hanggang 5 mag-aaral.
- Piliin ang mga mag-aaral na magiging
  - magsasaka
  - mangingisda
  - mga mangangaso o nag-aalaga ng hayop
  - mga manggagawa
  - may-ari ng mga lupain o pabrika
  - mga manggagawa ng iba pang uri ng serbisyo

- Hatiin ang buong silid-aralan sa mga lugar na sumusunod:
  - Mga tirahan
  - Dagat o ilog
  - Sakahan
  - Mga pabrika
  - Kagubatan
- Kailangang pag-usapan ng mga miyembro ng pamayanan kung anu-ano ang mga pangangailangan na mayroon sila at kung anu-ano ang mga yaman na mayroon sila upang maprodyus ang mga produkto at serbisyo na kailangan nila.
- Pag-usapan kung gaano karami ang kayang maprodyus na pagkain, damit, at iba pang pangangailangan sa limitadong espasyo at mga likas na yaman na mayroon sila sa loob ng isang taon.
- Subukang i-enact ang inyong napag-usapan upang makita.
- Gumawa ng maiksing repleksyon tungkol sa mga nangyari sa isang maiksing papel.

**Part 2: Maramihang Pamayanan**

- Hatiin ang klase sa mga grupo na binubuo ng hindi lalagpas sa limang miyembro.
- Papiliin ang mga grupo sa uri ng lugar sila maninirahan. Narito ang mga pagpipilian. Kung maaari ay dapat bawat grupo ay iba ang uri ng tirahan mula sa ibang grupo upang mas maging epektibo ang gawaing ito.
  - Isang isla na napalilibutan ng karagatan (hanggang 2 bayan lamang)
  - Pamayanan sa itaas ng bundok at malapit sa kagubatan (hanggang 2 bayan lamang)
  - Pamayanan na may malusog na lupain para sa mga taniman (hanggang 2 bayan lamang)
  - Pamayanan na may may kakapusan sa tubig at irigasyon (hanggang 2 bayan lamang)
- Narito ang mga produktong maaari lamang mabili o makuha mula sa isang uri ng tirahan:
  - mga isda at yamang dagat
  - mga kakahuyan at mineral
  - mga gulay, bigas, at iba pa
  - mga pabrika na nagproprodyus ng damit at iba pang kagamitan
- Ilahad lahat ng pangangailangan ng mga mamamayan gaya ng pagkain, damit, at iba pang mga bagay.

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

- Pagkatapos ay ilahad lahat ng produkto at serbisyo na maaaring maprodyus sa limitadong likas na yaman at yamang tao. Kung ang isa sa mga mamamayan ay magiging magsasaka, hindi na siya maaaaring magkaroon ng ibang tungkulin sa pamayanan.
- Magtalaga din ng isa o dalawang pangulo na siyang makikipagugnayan sa ibang mga bayan.
- Pagkatapos magpulong ng mga miyembro tungkol sa mga pangangailangan at kakapusan ng pamayanan ay pag-usapan kung ano ang produkto na maaari ninyong ibenta sa ibang pamayanan.
- Pagkatapos magpulong ay maaari nang makipag-ugnayan ng mga pangulo ng pamayanan sa ibang pangulo ng pamayanan sa sentrong lokasyon. Ang bawat pangulo ay dapat na magkasundo sa mga produktong i-ba-barter nila o bibilhin nila. Kapag hindi nagkasundo ay maaaring bumalik ang mga pangulo upang sumangguni sa kanilang ibang miyembro. Walang eksaktong oras na pakikipagkalakan sa pagitan ng mga grupo ngunit may limitasyon lamang ang maaaring iprodyus ng produkto ng bawat grupo na dapat iulat sa guro bago magsimulang makipagkalakalan. Tandaan na dapat isaalang-alang din ng mga grupo ang kalikasan nila nang hindi nila maabuso ito.
- Panghuli, subukang sagutin ang mga sumusunod. Bilugan ang mga pangangailangan na hindi nasagot ng mga likas na yaman o produkto na mayroon ang pamayanan.

| Mga Pangangailangan | Likas na Yaman at produkto ng pamayanan | Mga produkto o serbisyo na kailangang bilhin | Mga produkto o serbisyo na nabili |
|---|---|---|---|
| | | | |

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

**Ikatlong Bahagi: Reflection Paper**

Isulat ang iyong mga natutunan sa gawain at ang iyong opinyon tungkol sa pagpapahalaga ng paggawa ng tamang desisyon upang matugunan ang iyong pangangailangan at pangangailangan ng lipunan. Narito ang ilan pang panuto para sa iyong ipapasang papel.

- Times New Roman, 12
- 1 ½ to 2-pages, 1.5 spacing

Copyright FREE from FRONTLEARNERS, Inc.

FRONTLEARNERS